

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos nang dahil sa ugnayan kay Cristo, maaari nating ipakita ang Kanyang pag-ibig sa iba at dalhin sila palapit sa Kanya. Pasalamatan Siya sa handog na kaligtasan na ibinigay Niya sa atin.
- Hingin sa Diyos na magkaroon ka nang mas malalim na relasyon sa Kanya, at na maging mas malaki ang impluwensiya Niya sa iyo at dahil sa iyo. Ipanalangin na ikaw ay magsilbing asin at ilaw sa mundo.
- Manalangin para sa mga pagkakataon na maibahagi ang pag-ibig at impluwensiya ni Cristo sa buhay mo, sa pamamagitan ng mga gagawin mo para sa isang kapamilya at kaibigan ngayong linggo. Ipanalangin na mabigyan ka nito ng kakayahan na maipangaral ang ebanghelyo.

NOTES



Ang Impluwensiya ng Isang Kristiyano: Asin at Ilaw

WARM-UP

- Ikuwento ang isang bagay na nakahiligan mo (mga libro, pelikula, laro, alagad ng sining, larong pampalakasan) dahil naimpluwensiyahan ka ng isang kapamilya o kaibigan.
- Ano ang isa sa mga paborito mong alaala noong bata ka pa? Magkuwento tungkol dito.
- Sino ang may pinakamalaking impluwensiya sa pagkatao mo ngayon? Magkuwento tungkol sa kanya.

WORD

¹³Kayong mga tagasunod ko ang nagsisilbing asin sa mundo. Ngunit kung mag-iba ang lasa ng asin, wala nang magagawa para ibalik ang lasa nito. Wala na itong pakinabang kaya itinatapon na lang at tinatapak-tapakan ng mga tao. ¹⁴Kayo ang nagsisilbing ilaw sa mundo. At ito ay makikita nga tulad ng lungsod na itinayo sa ibabaw ng isang burol na hindi maitago. ¹⁵Walang taong nagsindi ng ilaw at pagkatapos ay tatakpan ng takalan. Sa halip, inilalagay ang ilaw sa patungan upang magbigay-liwanag sa lahat ng nasa bahay. ¹⁶Ganoon din ang dapat ninyong gawin. Pagliwanagin ninyo ang inyong ilaw sa mga tao, upang makita nila ang mabubuting gawa ninyo at pupurihin nila ang inyong Amang nasa langit.” MATEO 5:13-16

Tinawag ni Jesus ang mga unang disipulo—mga mangingisda, maniningil ng buwis, makabayan—upang maging *mangingisda ng mga tao* (Mateo 4:19). Sa mga sumunod na linggo, pinanood nila si Jesus na nangaral, gumawa ng mga himala, at kumain kasama ng mga makasalanan, subalit hindi pa nila ganap na

alam ang tungkulin at layunin kung saan sila tinatawag ni Cristo. At habang nagaganap ang Pangaral sa Bundok, sinabihan sila ni Jesus, *Kayong mga tagasunod ko ang nagsisilbing asin sa mundo. Kayo ang nagsisilbing ilaw sa mundo.* Ginamit Niya ang dalawang maliliit na mga elemento, na may malaking epekto kapag ginamit ayon sa kanilang itinakdang gamit. Titignan natin ang dalawang paglalarawan ng dapat na epekto ng impluwensiya ni Cristo sa atin at sa mundo.

1 Tayo ang asin sa mundo.

“Kayong mga tagasunod ko ang nagsisilbing asin sa mundo. Ngunit kung mag-iba ang lasa ng asin, wala nang magagawa para ibalik ang lasa nito. Wala na itong pakinabang kaya itinatapon na lang at tinatapak-tapakan ng mga tao. MATEO 5:13

Ang sinumang nagluluto ay nakaka-alam sa kahalagahan ng asin. Ang kakapiranggot na asin ay sapat na para magbigay ng lasa sa isang buong keyk o kaya ay sa isang buong ulam. Kahit na kaunti lamang ang inilalagay, kapag nakalimutan ito, ang maluluto ay matabang o walang lasa. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo, *Kayong mga tagasunod ko ang nagsisilbing asin sa mundo. Ngunit kung mag-iba ang lasa ng asin, wala nang magagawa para ibalik ang lasa nito. Wala na itong pakinabang.* Maaari Niyang sabihin na, “Kapag nawala ng asin ang layunin, tungkulin, at impluwensiya nito, hindi na ito maaaring magamit bilang asin.” Ang mga Kristiyano ay itinakdang mamuhay sa paraang ang impluwensiya ng Diyos ay halata at maliwanag sa mundong ginagalawan natin. Naranasan mo na bang manindigan para sa isang bagay na alam mong nagbigay karangalan sa Diyos kahit pa sinabihan ka na hindi ito mahalaga? Paano mo dinala ang impluwensiya ni Cristo sa buhay mo sa karanasang ito?

2 Tayo ang ilaw sa mundo.

¹⁴“Kayo ang nagsisilbing ilaw sa mundo. At ito ay makikita nga tulad ng lungsod na itinayo sa ibabaw ng isang burol na hindi maitago. ¹⁵. . . inilalagay ang ilaw sa patungan upang magbigay-liwanag sa lahat ng nasa bahay. ¹⁶Ganoon din ang dapat ninyong gawin. Pagliwanagin ninyo ang inyong ilaw sa mga tao, upang makita nila ang mabubuting gawa ninyo at pupurihin nila ang inyong Amang nasa langit.” MATEO 5:14-16

Ang ilaw ay dapat na nakikita, isang bagay na maliwanag at dapat makatulong upang makakita rin ang iba. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na dapat *pagliwanagin ninyo ang inyong ilaw sa mga tao*, dahil ang impluwensiya ni Cristo ay lumalabas sa ating mga buhay habang ipinapakita natin ang Kanyang pag-ibig sa iba sa pamamagitan ng ating *mabubuting gawa* o kilos (Mga Taga-Efeso 5:8,9). Habang nakikita ng iba ang Kanyang pag-ibig, maaari silang magbigay kaluwalhatian sa Diyos at lumapit sa Kanya. Ibahagi ang isang pagkakataon na naipakita mo ang pag-ibig ng Diyos sa tao at nagawa mong magbahagi ng salitang nagbibigay buhay o kaya maipangaral ang ebanghelyo sa kanya.

APPLICATION

- Ibinigay mo na ba sa Kanya ang pananampalataya mo para sa iyong kaligtasan? Gusto mo ba itong gawin ngayon? Kung ikaw ay tagasunod ni Cristo, paano binago ng relasyon mo sa Kanya ang buhay mo?
- Paano mo mapalalalim ang relasyon mo sa Kanya araw-araw, at maiimpluwensiyahan ang iba bilang asin at ilaw?
- Paano mo maipapakita ang pag-ibig ni Cristo sa mga kapamilya at kaibigan mo sa pamamagitan ng iyong kilos? Sabihin ang tatlong bagay na gagawin mo ngayong linggo.